## Kabanata 16:
## ANG MGA SIYOKOY

PAGKAMULAT NG MGA mata ni Iska, una niyang nakita ang mukha ni Kenneth. Agad siyang umatras palayo sa binata. Hindi niya ito tiningnang muli. Naiilang siya. Para bang hindi niya kayang makipagtitigan nang matagal dito.

"Anong nangyari?" tanong ni Iska, pero hindi pa rin siya tumitingin sa binata. Pareho lang silang nasa tabi ng marumi at makitid na ilog sa loob ng Huklob. Masangsang ang amoy nito. Tila isang *aquarium* na hindi nalinis mula nang binuo.

"Muntik ka nang maging ulam ng Bungisngis." Malamig pa rin ang boses ng kasama.

Huminga nang malalim si Iska. Sa ganitong pangyayari, isang tagumpay na ang magising pagkatapos harapin ang isang Bungisngis.

"Wala na tayong panahon para magpahinga. Tumayo ka na dyan. Sayang ang oras."

Tumayo naman agad si Iska at naghanda nang lumakad. Sinundan nila ang makitid na ilog. Sumunod si Iska kay Kenneth subalit habang lumalakad sila, napansin ni Iska na palaki nang palaki ang ilog na binabaybay nila. Nang marating nila ang dulo ng ilog, nakita nila ang isang malawak at walang katapusang karagatan. Naririnig lang nila ang paghampas ng tubig sa dalampasigan.

Nilapitan nina Iska at Kenneth ang pampang. Hindi pino ang lupa sa



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 131 11/20/2024 8:07:19 AM

karagatang ito kumpara sa normal na dagat. Putik ang pampang nito. Malabo ang tubig ng karagatang nasa harap nila. May mangilan-ngilang batong malalaki. Humahampas ang tubig sa malalaking bato ngunit hindi ito magandang pakinggan. Sa bawat paghampas ng tubig, parang yumayanig nang dahan-dahan ang lupang tinatapakan nila. Pakiramdam ni Iska, may malaking unos pa silang haharapin.

"Tingnan mong maigi ang ilalim ng karagatan. Sabihin mo sa akin kung anong nakikita mo."

Ginawa naman ito ni Iska. Nagpokus siya. Amoy masangsang at malansa ang tubig. Sa pagtitig niya, napansin niya ang lalim ng karagatang ito.

"Tingnan mo pang maigi," utos muli ni Kenneth. Nagliwanag muli ang araw na palamuti sa kuwintas ni Iska.

Inulit ni Iska ang pagtingin. Sa pangalawang pagkakataon, ipinikit niya ang mga mata, huminga siya nang malalim, at binuksang muli ang mga mata. Doon niya nakita ang iba't ibang nilalang na hugis tao na lumalangoy sa ilalim ng maitim at masangsang na tubig. Lumiwanag muli ang palawit na araw sa kaniyang kuwintas na tila sumasang-ayon sa naiisip niya.

"May lumalangoy sa ilalim. Marami sila," paglalarawan ni Iska.

"Tama nga ako. Ito ang Karagatan ng Huklob," paliwanag ni Kenneth. "Kung ang Hiraya ay may bukal na nagsisilbing lakas nila, ang Huklob naman ay may karagatan. Kapag mas marumi, mas mainam para sa mga nilalang na nakatira dito," dagdag ni Kenneth.

"Paano natin ito sisisirin? Sisisirin nga ba? Lalakarin? Ano?" tanong ni Iska.

"Siguro, liliparin," pabiro ni Kiko. "Biro lang," sabi nito sabay tago muli sa mahabang sombrero.

Nag-isip si Kenneth. "Ang alam ko, tanging mga diwata lamang ang maaaring sumisid rito. Para mangyari iyon, kailangan mong sabihin ang dasal kay Amanikable."

"Sino naman siya?"

"Kung si Bathala ay nasa Hiraya, si Amanikable naman ang diyos na nagbabantay sa lahat ng anyong tubig. Siya ang pinakatahimik sa lahat dahil may mainiting ulo siya. Kumbaga sa loob ng *classroom*, siya ang kaklase mong umiiwas sa tao."

Napatingin nang matagal si Iska kay Kenneth. Nakapamaywang pa. "Sabihin mo na ang dasal o awit para masimulan na natin."



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 132 11/20/2024 8:07:19 AM

"Para magawa ang dasal, kailangan natin maglagay ng isang patak ng kahit anong tubig sa palad mo. Pagkatapos, isusunod na natin ang pagsabi ng dasal."

Ipinakita ni Iska ang kaniyang palad kay Kenneth. Sumalok naman si Kenneth ng tubig mula sa karagatan at pinatak ang kaunting tubig sa dalawang palad ni Iska.

"Ulitin mo lang ang sasabihin ko," sabi ni Kenneth. "Pero bago iyon, Kiko, kailangan mo munang iwan si Iska. Tumango naman si Kiko at tumalon papunta kay Kenneth. "Babush, Iska."

Nagbigay-hudyat si Kenneth sa pagsisimula nila. "Iska, ito ang sasabihin mo. Diyos ng lahat ng tubig at karagatan, dalhin mo kami sa dulo ng walang hanggan. Amanikable, gabayan kami at pakinggan. Bigyan ng hininga na aming kailangan."

Isinaulo muna ito ni Iska nang paulit-ulit sa kaniyang isip. Habang sinasaulo ito, tila nagpaparamdam muli ang hanging tumulong sa kaniya noong nagsasanay pa lamang siya. Isang napakagandang awitin na may magandang himno ang biglang pumasok sa isip niya habang sinasaulo ito. Sa hudyat ni Kenneth, inawit niya ang dasal para kay Amanikable.

*Diyos ng lahat ng tubig at karagatan,*
*Dalhin mo kami sa dulo ng walang hanggan.*
*Amanikable, gabayan kami at pakinggan,*
*Bigyan ng hiningang aming kailangan.*

Pagkaawit ng dasal, ang tubig na nasa palad niya ay biglang nalusaw. Kasabay nito ay may kakaibang pagbabago sa paghinga ni Iska. Pakiramdam niya ay ang gaan-gaan ng katawan niya, at naaalala niya ang amoy sa paligid ng puno ng tipolo. Sariwa ang hanging nilalanghap niya sa kabila ng lahat ng dumi sa karagatang nasa harap niya. Ganito ang naramdaman niya noong *swimming lessons* nila.

Nagbigay na ng hudyat si Kenneth. "Sumisid ka na, Iska, mag-iingat ka." Nagpaiwan naman si Kiko dahil hindi siya maaaring sumunod roon.

Dahan-dahang lumusong si Iska sa karagatan. Parang lumakad lang siya sa hagdanan pababa ng *pool* pero ang kaibahan, malaya siyang huminga. Kahit nasa ilalim na siya, pakiramdam niya ay malaya siyang nakalalangoy at nakahihinga. Tama nga si Kenneth, para lamang silang naglalakad sa lupa. Ang kaibahan nga lang, nasa ilalim sila ng katubigan



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 133 11/20/2024 8:07:19 AM

ng Huklob, tila lumalangoy rin sila, nakakapagsalita at nakakakilos nang hindi nalulunod. Mas mabagal nga lang ang pagkilos nila sa ilalim.

Sa ilalim, sinalubong siya ng isang grupo ng mga taong kalahating tao na may mga kaliskis, hingahan ng isda, at buntot. Nabigla si Iska dahil totoo pala ang mga siyokoy na napapanood niya sa telebisyon.

Kung matalino ang Tikbalang, malakas ang Bungisngis, ang mga Siyokoy naman sa harap niya ay mabilis kumilos. Pagkakita pa lang ng mga ito kay Iska, pumaligid agad sila.

Madulas sila at hindi kayang habulin nang basta lalo pa't nasa ilalim ng karagatan ng Huklob. Bukod pa rito, hindi kayang mabilang ang dami ng Siyokoy na nasa harap nila. Hindi ito nauubos. Patuloy lang itong umiikot sa paligid niya. Kapansin-pansin lalo ang naglalakihang tainga nila na para bang isang lagusan sa laki.

*Aligaga ang mga siyokoy sa paligid ko. Parang may itinatago,* naisip ni Iska.

Tiningnan ni Iska ang mga lumalangoy na siyokoy sa paligid niya. Sa matagal niyang pagmamatiyag, napansin niya ang tanging nagniningning na bagay sa gitna ng napakarumi at napakalabong tubig. Ang isang bahagi ng kampana, ang palawit na sanhi ng tunog nito.

Isa sa mga naging kuwento ni Lola Da sa kaniya noon ang mga siyokoy. Sabi ni Lola sa kaniya noon, "Huwag na huwag mong ipahahawak ang paa mo sa kanila. Mukha lang silang hindi nananakit, pero hindi mo namamalayan, unti-unti ka na nilang hinihila pababa."

Nang makita na ni Iska ang pakay, agad niyang hinabol ang siyokoy na may hawak nito. Kaya lang, hindi sapat ang lakas at bilis ni Iska para habulin ito. Kung may sandata lamang siya o kahit anong instrumento na puwedeng gumana sa ilalim ng tubig.

Natatakot si Iska sa siyokoy sa harap niya, pero hindi niya hinayaang madaig siya ng takot. Huminga uli siya nang malalim at inisip si Bathala. Sana naman iligtas siya nito.

Sa muling pagdilat ng mga mata niya, alam na niya agad kung sino ang siyokoy na nagtatago ng tinig ng kampana. Ito ang pinakamahaba at pinakamapalikpik na siyokoy. May kaliskis pa sa likod ng mga tainga nito na matalim at makapal. Itim na itim ang kaliskis nito na kasindilim ng ilalim ng karagatan ng Huklob.

Agad na lumangoy si Iska at hinabol ito. Kaya lang, mas mabilis pa itong lumangoy palayo sa kaniya. Hinabol si Iska ng ibang mga siyokoy, pero agad niyang naungusan ang mga ito.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 134 11/20/2024 8:07:19 AM

Bagamat napapagod na ang kaniyang mga binti sa paglangoy, hindi ito hinayaan ni Iska para pigilan siyang lumangoy. Mas binilisan pa niya ang paghabol sa siyokoy na ayaw pahuli.

Hindi rin nagtagal, naabutan niya ito. Muntik na niyang malagpasan, pero binalikan niya agad ito. Iniharang ni Iska ang katawan upang hindi na makaalis ang siyokoy sa harap niya. Kinausap niya ito nang masinsinan. Isip sa isip. Hinihingi ni Iska ang nagpapatunog sa kampana. Subalit ayaw magpatalo ng siyokoy.

*Hindi puwede. Magagalit ang Bakunawa.* Ito ang paliwanag ng siyokoy kay Iska. Mahigpit ang pagkakahawak ng siyokoy rito kahit nasisilaw. Gamit ang kamay na kagaya sa tao, hawak lang ito ng siyokoy. Tila nakatali ang buhay ng siyokoy sa hawak nito.

"Paano napunta sa inyo ang bahaging iyan ng kampana?" tanong ni Iska.

Hindi siya sinasagot nito. Sa huling pagkakataon, pinakiusapan ni Iska ang siyokoy na ibigay na lang ito sa kaniya sa maayos na paraan. Subalit tumanggi ito. Hindi rin nagtagal, lumapit pa ang ibang kasamahan nitong siyokoy. Pinalibutan ng maraming siyokoy si Iska.

*Wala naman 'ata akong mapapala rito,* sa isip ni Iska. Kung ganito lang naman ang isasagot ng siyokoy sa kaniya, kanina niya pa sana inilabas ang liyab, at ginilitan ng buhay ang nilalang sa kaniyang harap. Kaya lang naalala niyang nasa tubig nga pala siya. *Isip pa Iska. Isip.*

*Bathala. Kung naririnig mo ako, bigyan mo ako ng bagay na makakatalo sa mga siyokoy.*

Pagkasabi nito, naramdam niya ang pagliwanag ng kuwintas niya. Sa pagliwanag nito, nagkaroon siya ng kakaibang lakas na nagpalakas ng kaniyang loob upang hanapin ang may hawak ng kampana. Lumiwanag ang palawit na hugis bituin. Nasilaw ang lahat ng siyokoy sa paligid niya. Mayamaya, naramdaman niya ang init ng liwanag na nagmumula sa palawit na ito.

Napakalakas ng liwanag na galing sa palawit. Agad hinawakan ni Iska ang kaniyang palawit at itinapat sa mga naglalakihang mata ng siyokoy. Naglayuan ang mga siyokoy sa sobrang liwanag. Nalaglag ng isa sa mga ito ang bahagi ng kampanang kailangan ni Iska—ang nagbibigay ng tunog rito.

*Sa wakas.* Ito ang naisip ni Iska. *Salamat, Bathala, sa gabay.*

Agad na pinulot ni Iska ang tinig ng kampana, at nagmamadaling lumangoy pabalik ng pampang. Hawak niya ito sa kaliwa, samantalang



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 135 11/20/2024 8:07:19 AM

hawak niya ang palawit na hugis bituin sa kanang kamay. May tulong pala ang kuwintas na ibinigay ni Mommy Jo. Lubos siyang nagpapasalamat.

Pag-ahon niya sa pampang, wala roon sina Kenneth at Kiko.

Sumigaw siya. "Kenneth! Kiko! Nasaan kayo?"

Subalit walang sumagot. Tanging paghampas ng alon sa mga bato sa karagatan ng Huklob ang naririnig niya. Ginamit niya ang mga mata upang hanapin ang mga kasama, subalit, wala ito.

Sa panahon ng pag-aalala at pangamba, muli niyang narinig ang hangin na tila gumagabay sa kaniya. "Magpatuloy ka, Iska. May sariling laban sina Kenneth at Kiko."

Nagpatuloy sa paglalakbay si Iska, bagaman nawawala ang mga kasama. Ipinagkatiwala niya ito sa Bathala. May kakayahan naman si Kenneth na lumaban. Mas malakas pa nga ito sa kaniya. Saka, mababale-wala ang lahat ng pinaghandaan at pinagdaanan niya kung mahuhuli siya sa paghahanap ng kampana.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 136 11/20/2024 8:07:19 AM